



Buong Teksto

ANG PINAGMULAN NG LAMOK

Ang kwento natin ngayon ay pinamagatang “Ang Pinagmulan ng Lamok” mula librong Panitikang Filipino: Pampanahong Electroniko ni Jose A. Arrogante na ilinathala ng National Bookstore. Muling isinalaysay ni Paolo Ven B. Paculan at babasahin ni Elizabeth S. Alindogan.

Noong unang panahon, sa isang kagubatan sa Luzon, may lalaki’t babaeng mag-asawa. Masaya silang namuhay kasama ng kanilang tribo, ngunit dumating agad ang kasawian sa kanilang relasyon. Nagkasakit nang malubha ang babae at namatay, na labis na ikinalungkot ng lalaki.

Hindi nagtagal at may nakapansing may masamang amoy na nanggagaling sa kubo ng lalaki. Hindi na matiis ng kapitbahayan ang amoy kaya sumilip sila sa loob at nakitang naroon pa rin ang bangkay ng babae!

“Hindi ko kayang mawalay sa kaniya!” hagulgol ng lalaki nang harapin siya ng komunidad.

Dahil dito, pinaalis siya sa tribo. Lumipat siya sa tabing-ilog, dala pa rin ang katawan ng kaniyang asawa. Lalong lumalim ang kaniyang kalungkutan. Payat na payat na siya at walang ginawa kundi manalangin kay Bathala.

Isang gabing maulan, lumabas ang lalaki sa kubo at sumigaw sa langit: “Bathala! Bathala! Huwag po ninyo akong pabayaang! Gagawin ko ang anuman ibalik n’yo lamang sa akin ang aking asawa!”

Biglang dumagundong ang isang boses mula sa itaas. “Dinig ko ang iyong pagsusumamo. At dahil ako’y mahabagin, bibigyan kita ng isa pang pagkakataon. Ngunit handa ka bang gawin ang nararapat?”

“O-opo! Kahit ano po gagawin ko!” sagot ng lalaki.

“Kung gayon,” sabi ni Bathala, “kailangan mo lamang sugatan ang iyong sarili, hayaang pumatak ang dugo sa kaniyang katawan, at muli nang mabubuhay ang iyong asawa!”

“Iyon lang po ba? Salamat po! Salamat!” sagot ng lalaki na tumakbo papasok sa bahay, ginilitan ang kaniyang braso, hanggang may isang patak ng dugo na tumulo sa dibdib ng bangkay. At tulad ng ipinangako ni Bathala, dumilat ang babae, umupo. Niyakap siya ng lalaki at muli silang namuhay nang masaya, malayo sa ibang tao.

Ngunit isang tanghali, nanggaling sa pangangaso ang lalaki, at natagpuang wala sa bahay nila ang kaniyang asawa. Binitiwang niya ang lahat at desperadong naghanap, sumigaw, nagtanong sa mga taong nakasalubong. Sa wakas, natanaw niya ang babae sa tabing-ilog na may kausap na ibang lalaki, na agad namang lumayo nang sugurin sila ng galit na mangangaso.

“Wala kang utang na loob!” sumbat ng lalaki sa babae. “Hindi mo ba alam na kung hindi dahil sa akin, patay ka na ngayon?”

“Ah, ganoon ba?” sagot ng babae. “Kung gayon, heto na ang isang patak ng dugong inialay mo sa akin. Ibabalik ko na sa’yo kung ito ang kapalit ng kalayaan ko!”

Kumuha ang babae ng tinik ng suha, at bago siya mapigilan ng lalaki, itinusok niya ito sa kaniyang puso, na siyang pinagdalyuan ng isang patak ng dugong tumulo sa lupa.

Nalusaw ang katawan ng babae at naging isang tumpok ng abo, at mula sa abo’y may lumipad na malilit na insektong hanggang ngayo’y naghahanap ng isang patak ng dugo upang muling mabuhay ang babae.

Source: *Panitikang Filipino: Pampanahong Elektroniko*. Jose A. Arrogante. 1991. National Book Store.

Mga Kasalukuyang Kwento sa Serye

In English

The Monkey and the Turtle
Sun and Moon
Sagacious Marcela
The Story of our Fingers
Why the Cow's Skin is Loose on the Neck
The Lost Necklace

In Filipino

Ang Pagong at ang Matsing
Ang mga Paglalakbay ni Juan
Ang Pinagmulan ng Daigdig (Si Malakas at si Maganda)
Ang Unang Unggoy
Ang Alamat ng Palay
Ang Pinagmulan ng Lamok
Kung Paano Yumaman si Jackyo

Abangan ang iba pang kwento sa seryeng podcast na ito.

PAGKILALA

Areté

Ma. Mercedes Rodrigo Ricardo Abad	<i>Executive Producers</i>
D Cortezano	<i>Producer</i>
John Robert Yam	<i>Overall Sound Designer</i>
Harold André Santos	<i>Theme Music Composer</i>
Duane Ligot	<i>Episode Sound Designer</i>
John Robert Yam Nilo Beriarmente	<i>Sound Engineers</i>
Ivy Baggao	<i>Talent Coordinator and Production Associate</i>
Jethro Nibaten Adriane Ungriano Justine Ray Santos Rey Sotto Ralph Joseph Adarlo Carlos Hombrebueno	<i>Sound Design and Technical Team</i>
Arielle Acosta Vannessa Reventar	<i>Logistical Support</i>

Ross Du *Illustrator*

Arielle Acosta
Lazir Caluya *Brand Developers*

Dreamlist Digital *Web developers*

Ateneo de Manila Basic Education / Ateneo Junior High School

Jose Antonio P. Salvador *Principal*

Genalyn S. Sanvictores *Assistant Principal for Academic Affairs*

Paolo Ven B. Paculan *Senior Teacher, Subject Area Coordinator, Filipino*

Kristine Ann P. Valdellon *Master Teacher, Subject Area Coordinator, English*

Elizabeth S. Alindogan *Associate Teacher, Filipino Subject*

Additional Music Credits

Sad flute music for poet No Copyright, *Scene On*

Jungle Sound Effect, *iWav*

River Sound Effects, *SFX*

Patronus Effect, *Mariano Vega*

Sound of thunder and lightning - Sound Effects, *Classical and Relax*